ISSN 2673-2874

# CaraBalitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones
Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tomo 4 Blg. 4 | Hulyo-Agosto 2022

www.pcc.gov.ph
Department of Agriculture-Philippine Carabao Center
pccoed2021@gmail.com



**Dr. Liza Battad, opisyal nang nagbalik bilang pinuno ng DA-PCC** 2



**PHP2.8M dairy processing center, pamamahalaan ng dairy koop sa San Jose, N.E.** 5

# Mahigit 4.2M bata, nabenepisyuhan ng Milk Feeding Program

## *Mga maggagatas kumita ng PHP1.9B*

Ni **Ma. Cecilia Irang-Mariano**

***DA-PCC-NHQGP—*** *Buong-galak na ipinagmalaki ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ang magandang epekto ng Milk Feeding Program sa pamayanan at sa pamumuhay ng mga magsasakang-maggagatas matapos kumita ng kabuuang PHP1.9 billion ang 45 assisted cooperatives nito sa bansa mula nang magsimula ang programa noong 2019 hanggang sa first quarter ng 2022, na kung saan 4,277,285 mga bata ang nabenepisyuhan.*

*Sundan sa p.4*



*Matagumpay na naisasagawa ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ang Milk Feeding Program, kung saan winawaksi nito ang malnutrisyon sa mga bata sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng fresh milk at milkybun. Patuloy ang sirkulasyon ng programang ito sa tulong din ng mga kooperatibang labis ang dedikasyon sa pagsulong nito. Sa katunayan, bukod sa benepisyong hatid nito sa mga bata, nagagamit din ang kinikita sa programang ito sa pagbibigay ng pangkabuhayan sa mga magsasakang-maggagatas.*

# CCDP-Leyte, nagsimulang maglunsad ng FLS-DBP

Ni **Emy Goritte Gorra**

***DA-PCC-VSU—*** *Inilunsad ng Coconut-Carabao Development Project (CCDP) site sa Leyte Province, Carigara ang Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) noong Hulyo 19 sa Macalpi Gymnatorium, Carigara, Leyte.*

Upang mapabuti ang pamamahala ng dairy buffalo ng mga benepisyaryong magsasaka, sasailalim sila ng isa hanggang tatlong oras ng hands-on at practice-oriented na mga pagsasanay sa isang beses sa isang linggo simula Hulyo 28, 2022. Ang FLS-DBP ay pangungunahan ng mga akreditadong tagapagsanay na dating sumailalim sa Facilitators Learning Workshop noong Abril 18 hanggang Mayo 3 sa Baybay City, Leyte.

Ang mga magiging unang CCDP sites na magsagawa ng FLS-DBP sa Eastern Visayas ay ang Carigara, kasama ang Maasin City (Southern Leyte), Basey (Samar), Catubig (Northern Samar), at Biliran (Biliran). Ang FLS-DBP ay bahagi ng pagpapatupad ng DA-PCC ng CCDP, na isang inisyatiba ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform.

"Masuwerte tayo na mayroon tayong ganitong uri ng pagsasanay para sa aming mga magsasaka," pahayag ni Mayor Eduardo Ong Jr. Binigyang-diin din niya ang

*Sundan sa p.3*

# FLS-DBP sa North Cotabato, tanda ng mas pinalakas na pagkakalabawan

Ni **Rodolfo Jr. T. Valdez**

***DA-PCC-USM—*** *"Kapag binigyan mo ng isang basong gatas ang isang magsasaka, katumbas nito ang kailangan niyang nutrisyon sa isang araw. Kapag pinagkalooban mo naman siya ng isang gatasang kalabaw, binigyan mo siya ng kita sa loob ng isang taon. Pero kapag tinuruan mo kung paano mag-alaga at maggatas ng kalabaw ang magsasaka, binigyan mo siya ng hanapbuhay na panghabang-buhay."*

Ito ang patotoo ni Fidelito G. Dorado, isa sa mga magsasakang nakapagtapos ng Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) ngayong araw, Hulyo 21, na ginanap sa Balay Koop, Brgy. Poblacion,

*Sundan sa p.6*

# Dr. Liza Battad, opisyal nang nagbalik bilang pinuno ng DA-PCC

Ni **Chrissalyn Marcelo**



***DA-PCC-NHQGP** — Opisyal nang nagbalik si Dr. Liza Battad bilang Executive Director III ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) matapos ang ilang taon niyang pagkatalaga bilang Assistant Secretary for Regulations at bilang OIC Executive Director ng Philippine Council for Agriculture and Fisheries (PCAF).*

Sa naganap na welcome ceremony noong Agosto 1, 2022 sa national headquarters nito sa Science City ng Muñoz, Nueva Ecija, ibinahagi ni Dr. Battad ang kanyang mga plano. Pahayag nito, mas tututukan ng kanyang pamunuan ang pagpapabuti ng industriya ng kalabaw sa pamamagitan ng policy research, policy development, policy advocacy at pagpapatupad ng mga programa at proyekto kasama ang mga kasosyo at stakeholders sa industriya.

Binigyang-diin niya ang kahalagahan ng paglapat ng mga programa at proyekto ng ahensya sa Value Creation for Improved Productivity, Profitability, and Sustainability (VIPPS) bilang konsepto na nagsisilbing strategic plan ng ahensya. Ang nasabing ugnayan, aniya, ay makikita sa pagtaas ng bilang ng mga serbisyo sa mga kliyente, produksyon ng genetically improved na mga bulo, dami at halaga ng produksyon ng gatas, at isang masaganang lokal na produksyon ng gatas sa bansa.


Binigyang-diin din niya ang pagpapaunlad ng isang enabling work environment sa trabaho. Ayon sa kanya, may maganda itong maidudulot sa pangkalahatang performance ng ahensya upang lalo pang makabuluhan ang pagsisilbi sa mga kliyente.

"Ihanay natin ang ating mga programa sa VIPPS at patuloy na isulong ang mga negosyong nakabatay sa agham at nakatuon sa buong dairy at meat value chain," pahayag ni Dr. Battad.

Tinapos ni Dr. Battad ang kanyang talumpati sa pamamagitan ng paghikayat sa mga PCCean na gawin ang kanilang makakaya sa pagbibigay ng serbisyo, maging inspirasyon sa kanilang mga katrabaho, at tulungan ang ahensya na isulong ang isang maunlad na sektor ng kalabaw.

# Unang Dairy Box sa CALABARZON, inaasahang magpapaangat ng local agri-tourism

Ni **Ronaline Canute**



***DA-PCC-UPLB** — Tinukoy ng mga mananalaysay bilang "isang munting piraso ng paraiso", malapit nang ipagmalaki ng Jalajala, Rizal ang isa pang atraksyon bukod sa mga magagandang landscape formation nito.*

Malapit nang masaksihan ng mga lokal at ng mga turista ang kauna-unahang Dairy Box sa CALABARZON.

Sa Laguna de Bay malapit ang mga napiling lugar, kung saan kilala ito bilang pinakamalaking lawa sa bansa. Para sa mga turistang nais maglaan ng panahon sa pampang at mahilig gumawa ng mga recreational activities kapag weekend, isang magandang stop over ang Dairy Box upang makalasap ng sariwa at natural na dairy delicatessen.

Ang Llano Farmers Multi-Purpose Cooperative (LFMPC) na nagsimula sa pagproseso ng dairy noong 2006 ang mangangasiwa sa operasyon nito. Sa pamamagitan

Bago ang kanyang pagkakatalaga sa DA central office, si Dr. Battad ay taos-pusong naglingkod sa DA-PCC bilang dating division chief ng Planning and Information Management Division (PIMD) at chief ng Administrative and Finance Management Division (AFMD).

*"At the end of the day, our agency is measured by the impact we are creating in the industry. Thus, we shall align our programs to VIPPS and continue to promote science-based and -oriented enterprises across the dairy and meat value chain."*

**Dr. Liza G. Battad**

*Executive Director III ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center National Headquaters and Genepool*

## CCDP-Leyte, nagsimulang maglunsad...

*Mula sa p.1*

pagkakataon ng proyekto para sa mga magsasaka na mapataas ang sustainability ng dairy buffalo production sa munisipyo. Kilala rin ang lugar sa paggawa ng "pastillas" na mula sa gatas ng kalabaw.

Inihayag din ni Macalpi Community Multipurpose Cooperative (MCMC) Chairperson Norma Uribe ang kanyang suporta sa programa.

Dinaluhan din ang nasabing paglulunsad ng LGU-Carigara: SB Member/ Committee Chairperson on Agriculture Lorna Marpa, OIsC-PCDM Minerva Langco ng Leyte Province, Municipal Agriculturist Engr. Josefina Josol, Macalpi Brgy. Captain Ador Bodo, PCA R8: Acting PDO III at CCDP Focal Lourdes Grabador, OIC-PCDM for Leyte Province Minerva Langco, Darwin Hernandez, Kangara Multipurpose Cooperative (KMPC) Manager Dominador Sudario, Senior Science Research Specialist Ivy Fe Lopez, at PDO Ruth Segovia.





ng DA-Philippine Carabao Center sa University of the Philippines - Los Baños (DA-PCC sa UPLB), 45 miyembro ng LFMPC ang pinagkatiwalaan ng mga crossbred carabao, kung saan 19 na ang buntis sa mga ito.

Ang LFMPC na may mahigit 200 miyembro ngayon ang siyang nagsisilbing daluyan ng pagpapala sa mga local, kung saan agrikultura ang pangunahing pinagkukunan ng kita. Bumibili sila ng sariwang gatas mula sa mga dairy farmers sa halagang PHP70 kada litro.

"Lubos ang pasasalamat namin kasi naging kaagapay kami ng aming mga kababayan sa paglutas ng problema ng unemployment. Hindi po namin 'yon magagawa kundi rin sa tulong ng iba't ibang ahensya ng gobyerno na laging nakasuporta sa amin," pagbabahagi ni Tagumpay Panguito, manager ng LFMPC.

Aktibong katuwang ng Department of Education (DepEd) ang mga ito sa pagpapatupad ng national milk feeding program.

Isang groundbreaking at ceremonial entrustment ng dairy carabaos ang isinagawa sa Bayugo, Jalajala, Rizal noong Agosto 15.

Nagpahayag ng suporta ang ama ng bayan na si Mayor Elmer Pillas sa proyekto. Aniya, hindi lamang ito lilikha ng kabuhayan para sa mga lokal ngunit makatutulong din ito sa pagpapalakas ng turismo at pagsulong ng mga lokal na produkto.

Kabilang sa mga dumalo sa nasabing kaganapan sina Rizal Governor Nina Ricci Ynares, dating Executive Director ng DA-PCC Dr. Arnel del Barrio, Deputy Executive Director for Administration and Finance ng DA-PCC na si Dr. Caro Salces, at isang kinatawan mula sa tanggapan ni Sen. Cynthia Villar na si Engr. Renz Aquino.

Iba't ibang national agency at lokal na pamahalaan tulad ng Department of Science and Technology (DOST) IV-A, Department of Agriculture (DA) IV-A, Department of Trade and Industry IV-A, Department of Agrarian Reform-Rizal IV-A , Office of the Municipal Mayor, at Office of the Provincial Governor ang dumalo rin sa okasyon na may kanya-kanyang pangako ng suporta sa proyekto.

Ang pagtatayo ng Dairy Box ay bahagi ng proyektong Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) o pinasikat bilang Accelerating Livelihood Assets Buildup (ALAB) Karbawan ng DA-PCC. Pinondohan ito ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform sa pamamagitan ng chairperson nitong si Senator Cynthia Villar.



## PHP1.9B kita sa Milk Feeding... *Mula sa p.1*




Ayon ito sa ulat ni Joel Cabading, DA-PCC's milk feeding coordinator, sa ginanap na programa na "#WeFlex: Stakeholders Milk Feeding Program Achievements and Policy Consultation" noong Agosto 22-23 sa national headquarters and gene pool ng ahensya sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija. Nilahukan ito ng mga opisyales at empleyado ng Department of Education (DepEd), Department of Social Welfare and Development (DSWD), DA-PCC, at ibang mga kaagapay na magkakalabaw.

Pinatotohanan naman ito nina Rolly Mateo, chairperson ng Bantog Samahang Nayon Multipurpose Cooperative (BSNMPC), at Janice Domingo, general manager ng Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO), sa pamamagitan ng pagbabahagi nila ng kani-kanilang testimonya ng tagumpay sa programa.

Ayon kay Mateo, mula sa kita nila sa Milk Feeding program, nakabili sila ng mga sasakyang pandeliver ng gatas, packaging machine, baking facility, at anim na ektaryang lupain. Aniya pa, 116 manggagawa ang nabigyan ng trabaho dahil sa programa.

Masaya namang ibinahagi ni Domingo na tumaas ang assets ng pederasyon mula sa PHP8 milyon noong 2018 naging PHP28 milyon na ito noong 2021 dahil sa Milk Feeding Program. Kung saan, nakapagbigay ito ng trabaho sa 200 mamamayan sa kanilang komunidad. Sa tulong din nang kanilang kita, naipaayos at naipagawa ang kanilang tatlong palapag na opisina. Inamin din niyang malaki ang naitulong ng programa para makabalikwas sila mula sa pinagdaanang problemang pinansyal noong hindi pa sila sumasali sa feeding program.

"Hindi ito tungkol sa DA-PCC kundi tungkol sa mga magagandang epekto na pinlano nating gawin kasama ang mga partners natin at iyon ay ang mabawasan ang malnutrisyon sa mga bata at makapagbigay ng oportunidad pangkabuhayan sa mga magsasaka sa pamamagitan ng National Feeding Program na pinangungunahan ng DepEd at

# Masaganang ani ng gatas, inaasahan sa Sarangani

Ni **Rodolfo Jr. Valdez**




***DA-PCC-USM*** *— Tiyak na mas aalab pa ang ALAB-Karbawan project sa Rehiyon 12 matapos opisyal na simulan ang pagpapatayo ng kauna-unahang dairy buffalo milk processing facility at marketing outlet o Dairy Box sa Sarangani Province.*

Ginanap ang groundbreaking ceremony noong Hunyo 22 sa Maitum, Sarangani kasabay ng paglalagda sa memorandum of agreement at paggagawad ng naturang pasilidad sa Pangi Multi-Purpose Cooperative (PAMULCO).

"Ang proyektong ito, na pinondohan ng opisina ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform sa pamumuno ni Senator Cynthia Villar, ay naglalayong maparami ang lokal na produksyon ng gatas sa ating bansa upang sa gayon ay matugunan hindi lang ang demand ng gatas kundi maging ang malnutrition sa Pilipinas," ani DA-PCC at University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) Center Director Benjamin John C. Basilio.

Samantala, nagpahayag din ng suporta ang iba't ibang ahensya ng gobyerno tulad ng Sarangani Veterinary Office na dinaluhan ni Dr. Bernard C. Cabatbat, Jonathan C. Duhay ng Lungsod ng Sarangani Agriculture Office, Assistant Director Jessie Beldia ng Agricultural Training Institute -XII, Sarangani Provincial Director Nabil Hadji Yassin ng Department of Science and Technology, State Auditor IV Edgardo Esguerra ng Commision on Audit ng USM.

"No man is an island. Ibig sabihin, ang market-driven na proyektong ito ay convergence ng iba't ibang ahensya na ang layunin ay tulungang mapaunlad ang buhay ng magsasakang Pilipino sa pamamagitan ng mas maalab na pagkakalabawan," pagbibigay-diin ni DA-PCC Project Development Officer Paul Andrew Texon.

Dagdag naman ni DA-PCC General Services Unit Head Engr. Edgardo Dalusong, tiyak na magiging

DSWD," ani DA-PCC Executive Director Dr. Liza Battad.

Nagpahayag din ng kani-kanilang mensahe ng pagsuporta sina DepEd-Bureau of Learner Support Services Director Dr. Lope Santos III at DSWD Supplemental Feeding Program (SFP) Unit Head Ma. Elena Carreon para sa implementasyon ng 2022 School-Based Feeding Program at 12th SFP Cycle.

Isang policy consultation din ang naganap noong ikalawang araw, kung saan kabilang sa mga paksang tinalakay ang Food Science of the Milk Feeding, Updates of Costing, Standardization of Milk Formulation, at Different Milk Product Terminologies.

Samantala, ipinrisinta ng mga kalahok ang draft revised Milk Feeding Program Policy and Guidelines upang makongkreto at maaprubahan na ito.

Ang mga kwento ng BSNMPC at NEFEDCCO ay dalawa lamang sa maraming mga kwentong tagumpay sa implementasyon ng Milk Feeding Program. Nagsisilbing matibay na patunay ang mga ito sa makabuluhang epekto ng national feeding program na karapat-dapat na ipagmalaki at ipagpatuloy sa mahabang panahon.

patok ang dairy box sa madla sapagkat isa sa mga dinarayong munisipyo ng mga turista ang Maitum.

Labis naman ang galak ni Maitum Mayor Alexander Bryan Reganit sa magiging epekto ng proyekto sa mga kababayan nito. "Ang lokal na pamahalaan ng Maitum ay magbibigay ng buong suporta sa DA-PCC. Andyan palagi ang Municipal Agriculture Office at Municipal Engineering Office ng Maitum para tugunan ang teknikal na pangangailangan ng proyektong ito," aniya.

Isa sa patunay na suporta ng lokal na pamahalaan ng Maitum ang paglalaan ng lupang pagtatayuan ng PAMULCO Dairy Box.

Malugod namang tinanggap ni PAMULCO Chairperson Melecio Ubungen ang proyektong kalabawan at ang mga hamong kabalikat nito.

Sa ngayon, dalawang dairy box na ang fully operationalized sa Region XII. Ito ang Surallah Dairy Box sa Surallah, South Cotabato at Sta. Catalina Dairy Box sa Pres Roxas, North Cotabato.

# PHP2.8M dairy processing center, pamamahalaan ng dairy koop sa San Jose, N.E.

Ni **Ma. Cecilia Irang-Mariano**

***DA-PCC-NHQGP*** *— Simula na ng panibagong yugto sa negosyong paggagatasan ang Simula ng Panibagong Bukas Multipurpose Cooperative (SIPBU MPC) sa San Jose City, Nueva Ecija sapagkat magkakaroon na ito ng pasilidad para sa pagpoproseso ng produktong gatas.*




Napatupad ito matapos lagdaan ng koop ang isang memorandum of agreement noong Agosto 12 sa pagitan ng Department of Agrarian Reform-Nueva Ecija Provincial Office (DARPO), DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC), Local Government Unit-San Jose City (LGU-SJC), Department of Trade and Industry (DTI), at Department of Science and Technology (DOST) para sa "Enhancement of the Dairy Processing Center" sa ilalim ng Village Level Farm-Focused Enterprise Development Project ng DAR.

Layon ng naturang proyekto na makapaglunsad ng mga pangkabuhayan at mailapit ito sa malawakang merkado para magbukas ng iba't ibang oportunidad sa mga maliliit na magsasaka.

"Malaking oportunidad talaga ang hatid ng proyekto lalo na sa mga pamilya ng 78 myembro ng kooperatiba. 'Yong 350 liters na milk production daily ng koop sa ngayon ay ibinebenta lang bilang raw milk, na syempre ay mas mababa ang halaga. Sa tulong noong facility, madadagdagan 'yong value noong products kapag ipinroseso kaya mas mataas ang kikitain nila," ani Joel Cabading, head ng DA-PCC Carabao-based Enterprise Development Section.

Gagawing dalawang palapag ang dating collection center ng koop para sa produksyon at pagpoproseso ng iba't ibang mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw kabilang ang Karabun.

Nakasaad sa MOA na maglalaan ng PHP1.8M ang SIPBU MPC, PHP300,000 ang DARPO, at PHP700,000 ang LGU-SJC para sa pagpapatayo ng processing center.

Magbibigay naman ang DA-PCC ng mga kinakailangang pagsasanay at suportang teknikal kaugnay sa kalusugan ng kalabaw, wastong pamamahala at pagtatala, milk quality, at product development. Tutulong din ang ahensya sa pagpapatayo ng dairy processing center at Karabun production facility, at marketing strategies.

Samantala, ilan sa serbisyo ng DTI para sa proyekto ang technical at extension assistance sa pagpapaunlad ng processing facility sa pamamagitan ng pagbibigay ng processing equipment o shared service facility habang ang DOST naman ang bahalang mag-asiste sa grupo para makakuha ng license to operate (LTO). Magbibigay din ito ng mga pagsasanay para sa pagsasagawa ng Good Manufacturing Practices manual, product laboratory testing para sa nutrition facts at shelf life analysis, at technology consultancy.

Malugod na tinanggap ni SIPBU MPC chairperson Freddie Carlos ang hamong ito sa kanilang kooperatiba at nangakong gagawin nila ang kanilang makakaya para magtagumpay ang proyekto. Aniya, malaking tulong din ito para patuloy silang makapagsupply ng gatas sa National Feeding Program.

> *"Lubos po kaming nagpapasalamat sa DAR, LGU, DTI, at DOST sa walang sawang pagsuporta gayundin sa DA-PCC sa patuloy na paglinang sa aming kakayahan upang mapagtagumpayan ang negosyong salig sa kalabaw."*
>
> **Freddie Carlos**
> *Chairperson ng Simula ng Panibagong Bukas Multipurpose Cooperative*



# FLS-DBP sa North Cotabato...

*Mula sa p.1*




President Roxas, North Cotabato.

Labing-pitong mga magsasaka mula sa iba't ibang bayan sa probinsya ng Cotabato ang nagtapos sa FLS-DBP na kung saan mahigit tatlong buwan at isang beses kada linggo silang sumailalim sa pagsasanay na pinangunahan ng DA-Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) katuwang ang Sta. Catalina Multi-Purpose Cooperative (SCMPC).

"Ang pagtatapos na ito ay simbolo ng inyong perseverance at willingness na matuto. Nguni't haharapin pa lang natin ang totoong hamon at ito ay kung magpapatuloy kayo sa pagkakalabawan," pahayag ni SCMPC Operations Manager Wendell Amoronio.

Hinimok naman ni SCMPC Chairperson Jocelyn Benguara ang FLS-DBP graduates na pagtuunan hindi lang ang paggawa ng dekalidad na produkto kundi mapataas din ang kita ng mga magsasaka upang mapaunlad ang kani-kanilang pamumuhay.

Nagsimula ang FLS-DBP sa probinsya ng Cotabato noong Marso 16 na may layuning magbigay ng mga impormasyong ukol sa mga teknolohiyang angkop sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw kagaya ng tamang pagpapakain at pabahay, wastong paraan ng pagpaparami, pagtatala sa kalusugan at paggagatas ng alagang kalabaw, at maging ang tamang pagnenegosyo at pinansyal na pamamahala.



"Kakaiba ang FLS sa ibang mga training na dinaluhan ko. Puno ng laro na may katumbas na kaalaman. 'Yong mga maliliit na impormasyon na itinuro sa atin ay s'yang may malaking pakinabang kung tayo ay pumasok na sa negosyong pagkakalabaw. Kaya huwag sayangin ang mga natutunan natin at kung pwede ay ibahagi natin ito sa mga kapwa magsasaka sa ating lugar," ani Almario G. Montino, FLS-DBP graduate.

Samantala, hinikayat naman ni DA-PCC sa USM Farm Superintendent II Dr. Virgilio V. Lopez ang mga nagsitapos na maging bukas sa mga makabagong teknolohiya at kaalaman sa pagkakalabawan.

"Laging bukas ang pintuan ng DA-PCC at mga partners nito gaya ng Municipal Agriculture Office ng Pres. Roxas at Provincial Agriculture Office ng Cotabato sa mga magsasakang nangangailangan ng animal health and nutrition services at iba pang serbisyong teknikal," dagdag ni Dr. Lopez.

Sa isang mensahe, ipinahayag ni DA-PCC sa USM Center Director Benjamin John C. Basilio ang kadakilaan ng mga magsasaka na sa kabila ng pandemya ay naging matatag at masigasig sila upang matuto.

"Inaasahan naming marami kayong natutunan sa FLS mula sa iba't ibang aktibidad na inyong ginawa tulad ng group dynamics, field exposure at technology testing na angkop sa inyong lugar," ani Dir. Basilio.

Sa mensahe naman ni DA-PCC OIC-Executive Director Dr. Caro B. Salces, inaasahan niya na ang pagtatapos ng FLS-DBP ang siyang magbubukas ng maraming pintuan ng mga oportunidad sa pamamagitan ng Carabao Development Program ng ahensya.

*"Ang pagtatapos na ito ay simbolo ng inyong perseverance at willingness na matuto. Nguni't haharapin pa lang natin ang totoong hamon at ito ay kung magpapatuloy kayo sa pagkakalabawan."*

**Wendell Amoronio**
*Operations Manager ng **Sta. Catalina Multi-Purpose Cooperative***

# CDP KIOSK para sa mas maalam na pagkakalabawan

Ni **Ma. Cecilia Irang-Mariano**




***DA-PCC-USM*** *— Sa paghahangad na mas madaling makapagbigay ng knowledge products at impormasyon tungkol sa Carabao Development Program (CDP) ng ahensya, naglagay ang DA-PCC ng CDP KIOSK (Karunungan, Impormasyon at Oportunidad sa Kalabawan) units sa lugar ng mga piling kliyente nito sa sektor ng agrikultura.*

Ang CDP KIOSK, sa pangunguna ng Knowledge Management Division-Learning Events Coordination Section, ay isang paraan para maipakalat ang mga mahahalagang impormasyon tungkol sa mga programa, serbisyo, at teknolohiya ng ahensya.

Sa kasalukuyan, tatlong CDP KIOSKs ang na-install sa iba't ibang Municipal Agriculture Offices kabilang ang Surallah, South Cotabato at Carigara, Leyte, at sa Caraga State University sa Butuan City. Ang iba pang lugar na natukoy para sa CDP KIOSK installation ay ang Municipal Agriculture Office sa Mati, Davao Oriental at Provincial Agriculture Office sa Albay.

Naglalaman ng tatlong materyales ang CDP KIOSK katulad ng portable display panels, lamesa na may brochure holder, at magazine rack.

Isang memorandum of agreement naman ang kailangang lagdaan ng mga piling benepisyaryo para sa pag-install ng CDP KIOSK kung saan isa sa mga nakasaad dito ang paglilipat sa kanila ng pag-iingat at pananagutan sa nasabing materyales.

# Phase 3 ng proyektong EASIS, sinimulan na

Nina **Ronaline Canute at Ma. Cecilia Irang-Mariano**

***DA-PCC-NHQGP*** *— Nasa ikatlong yugto na ngayon ang Extension and Advisory Services Information System (EASIS) project ng DA-PCC sa pamamagitan ng Knowledge Management Division (KMD) sa pakikipagtulungan ng Grameen Foundation Philippines, na kinabibilangan ng paglulunsad ng mga binuong mobile applications para sa paggamit ng extension officers (EO), mga field veterinarian na nakabase sa nayon, at mga technician.*

Ang EASIS ay isang three-phase project ng DA-PCC kasama ang Grameen. Nasa panghuli ang pagbuo ng dalawang mobile application na kilala bilang KBGAN iHealth at KBGAN iFeed sa pamamagitan ng konsultasyon sa mga teknikal na eksperto ng DA-PCC sa larangan ng kalusugan at nutrisyon ng hayop.

Nilalayon ng mga apps na nabanggit na tuluyang mapabuti ang extension at advisory services na ibinibigay ng DA-PCC at kapartner nitong mga extension professionals sa pinahusay na produksyon ng dairy buffalo at pamamahala ng mga magkakalabaw.

Sa tatlong araw na Training of Trainers (ToT) sa DA-PCC national headquarters sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija, lubusang sinanay ang mga kalahok (carabao-based enterprise development coordinators at LGU partners mula sa rollout sites) sa wastong paggamit ng mga app. Inaasahan naman na ang nasabing mga kasosyo sa pagpapatupad ng proyekto na ipasa at ituro ang mga app na ito sa mga technician na kanilang nasasakupan.

Nagsimula ang ikatlong yugto ng proyekto noong Mayo ngayong taon at inaasahang matatapos sa Enero ng 2023. Kabilang dito ang oryentasyon at konsultasyon sa mga kapartner sa lugar, pagpapalista ng mga magsasaka ng kalabaw, baseline survey ng mga magsasaka, at pag-uulat ng mga resulta ng survey.

Nagpahayag ang mga kalahok ng kanilang pangako at suporta sa pagpapatupad ng nasabing proyekto.



*Abangan sa susunod na isyu:*

**Launching ng SOA sa Mati City** | **EASIS Phase 3-Field Shadowing sa LuzViMin**

# Karne ng kalabaw, tampok sa PH Livestock Expo

Nina **Rhea Mae Ruba** at **Ma. Cecilia Irang-Mariano**



***DA-PCC-NHQGP —*** *Sa pagwawasto ng mga haka-haka ukol sa karne ng kalabaw na isang makunat at maitim kaya hindi bumebenta sa merkado, nilinaw ng mga eksperto sa DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na nagtataglay ang kalabaw ng magandang kalidad ng karne na maikukumpara sa kinikilalang karne ng baka.*

Patunay rito ang mga resulta mula sa mga isinagawang pag-aaral ng research team sa DA-PCC, kung saan nagkaroon ng paghahambing sa slaughter yields at carcass characteristics ng crossbred buffalo at crossbred cattle na may parehong gulang at diyeta. Base sa carcass quality evaluation, napag-alaman na maihahalintulad ang karne ng kalabaw sa baka sa mga aspeto ng carcass yields, processing traits, at sensory characteristics.

Pinatotohanan rin ni Dr. Arnel Del Barrio, dating executive director ng DA-PCC, ang ganitong resulta ng pag-aaral sa kanyang presentasyon na "Potential of Buffalo Meat as Beef" sa naganap na Livestock Philippines Expo 2022.

"Isinusulong ng DA-PCC na ang kalabaw ay hindi lamang isang magandang pinagkukunan ng gatas bagkus mayroon din itong magandang kalidad ng karne. Sa kabilang banda, kung hindi maaasahan ang mga lalaking kalabaw sa pagpaparami ng lahi, maaari naman itong palusugin upang mapakinabangan sa merkado ang karne nito. Nagpaplano rin ang ahensya na magdebelop ng breeding program para sa produksyon nito," pahayag ni Dr. del Barrio.

Para naman sa economic viability ng karne ng kalabaw, ang head ng DA-PCC's Business Development at Commercialization Unit na si Zadieshar Sanchez ang siyang tumiyak sa mga potensiyal na investors para sa negosyo ng carabao fattening at Kardeli. Ayon dito, sa pamamagitan ng kolaborasyon at teknolohiya, masisiguro ang pagtangkilik ng merkado para sa mga produkto at mula rito maipapangako ang potensiyal nito sa ekonomiya.

Isang uri ng premium na karne ng kalabaw ang Kardeli na kilala bilang produkto ng DA-PCC. Maaari itong mabili sa Milka Krem sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

"Ayon sa kasalukuyan naming pag-aaral, may nakahanda nang merkado para sa karne ng kalabaw at natatanaw ang malaking oportunidad para sa pagkakalakal nito. Upang mas makita ang potensiyal nito, kailangan pang mas mapalago ang fattening farms para rito," ulat ni Sanchez.

Samantala, nagkaroon ng cooking demo sa Livestock Expo na pinamunuan ng DA-PCC kasama si Chef Francis Sibal, isang Executive Chef sa CZ Ranch Restaurant.

Itinuro ni Chef Sibal ang pagluluto sa iba't ibang sukat ng karne ng kalabaw kasama ang mga kilalang produkto sa Kardeli na cara-riblets, kielbasa at Hungarian sausage, at tenderloin steak. Matapos ito, agad niyang ipinatikim ang mga nailutong pagkain sa daang bisitang nakamasid sa kanyang demo.

"Sa dami ng mga taong nagulat nang malaman na isang karne ng kalabaw ang kanilang natikman, sumisimbolo ito na malaki pa ang potensyal para sa paglago nitong produkto. Maganda rin na huwag sumunod sa nakasanayan na, sapagka't higit pa sa tapa ang karne ng kalabaw," giit ni Chef Sibal.

Isa ang DA-PCC sa 200 exhibitors na nagbahagi ng mga produkto, serbisyo, teknolohiya, at iba pang mga inobasyon sa humigit 3,500 na dumalo sa tatlong araw ng Livestock Philippines Expo 2022 na ginanap noong Agosto 24-26 sa World Trade Center Manila, Pasay City.

Maituturing ang Livestock Expo na isang premier international trade platform para sa industriya ng mga stakeholders. Binuo ito ng international exhibition expert group na kilala sa bansag na Informa Markets at siyang pinamahalaan naman ng Department of Agriculture.


## *Patnugutan*

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** RONALINE CANUTE
**Manunulat** MA. CECILIA IRANG-MARIANO, RONALINE C. CANUTE, RHEA MAE B. RUBA, CHRISSALYN L. MARCELO, RODOLFO JR. T. VALDEZ, EMY GORITTE GORRA
**Layout at Ilustrasyon** RHEA MAE B.RUBA
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** RHEA MAE B. RUBA, RONALINE C. CANUTE
**Tagapayo** LIZA G. BATTAD

CaraBalitaan

Department of Agriculture PHILIPPINE CARABAO CENTER

*Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.*


*I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Genepool.*

*K-Portal*

*Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.*

*DA-PCC Virtual Tour*

*Maaari naring silipin ang aming National Headquarters at Genepool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.*